# News Release

Connect with DOL at http://social.dol.gov!

U.S. Department of Labor
Office of Public Affairs
Washington, D.C.
Release Number: 11-1614-NAT

For Immediate Release Dec. 8, 2011
Contact: Laura McGinnis | Mike Trupo
Phone: 202-693-4653 | 202-693-6588
Email: mcginnis.laura.k@dol.gov | trupo.michael2@dol.gov

## Hangad ng Labor Department ng Estados Unidos na mapaunlad ang mga oportunidad sa trabaho para sa mga Amerikanong may kapansanan sa pamamagitan ng pagtatakda ng makasaysayang layunin sa pagtanggap sa trabaho para sa mga pederal na contractor at subcontractor

**WASHINGTON** – Ang Department of Labor ng Estados Unidos ay nagmumungkahi ng bagong tuntunin kung saan mangangailangang magtakda ang pederal na mga contractor at subcontractor ng layuning magkaroon ng 7 porsiyento sa kanilang mga manggagawa ay mga taong may kapansanan, maliban sa iba pang mga kahilingan. Ang Office of Federal Contract Compliance Programs ng departamento ay nag-aanyaya sa publiko na magbigay puna sa mungkahing ito, na ilalathala sa Dis. 9 na edisyon ng Federal Register.

Ang iminumungkahing tuntunin ng OFCCP ay magpapatibay sa mga hiling sa positibong pagkilos na itinatag sa Seksyon 503 ng Rehabilitation Act ng 1973 kung saan inoobliga ang mga pederal na contractor at subcontractor na tiyakin ang patas na mga oportunidad sa mapapasukang mga trabaho para sa mga kuwalipikadong manggagawang may kapansanan. Ang iminumungkahing mga pagbabago sa regulasyon ay nagbibigay ng mga detalyado at tiyak na pagkilos na dapat isagawa ng mga contractor sa larangan ng pagtanggap sa trabaho, pagsasanay, pagtatabi ng rekord at pagkakalat ng patakaran - katulad noong matagal nang hinihiling upang itaguyod ang pagkakapantay-pantay sa lugar ng trabaho para sa mga kababaihan at minoridad. Dagdag pa rito, ang tuntunin ay maglilinaw sa mga inaasahan ng OFCCP para sa mga contractor sa pamamagitan ng pagkakaloob ng mga tiyak na patnubay kung paano sumunod sa batas.

“Ang iminungkahing tuntunin na ito ay kumakatawan sa isa sa pinakamahalagang mga pagsulong sa pagtatanggol ng karapatang sibil ng mga manggagawang may kapansanan simula noong ipinasa ang Americans with Disabilities Act,” ang sabi ng Secretary of Labor Hilda L.Solis. "Nagpakita si Presidente Obama ng pananagutan sa mga taong may kapansanan. Ang iminungkahing tuntuning ito ay makakatulong sa mga pederal na contractor na mas mainam na matamo ang kanilang legal na responsibilidad na tumanggap ng mga kuwalipikadong manggagawang may kapansanan.”

Kahit na ang mga regulasyon ng Seksyon 503 ay naisalugar na ilang dekada na ang nakaraan, ang kasalukuyang antas ng mga may kapansanang walang trabaho ay 13 porsiyento, 1 1/2 beses sa dami kung ikumpara sa mga walang kapansanan. Ang higit pang nakakapagpahina ng loob, ang datos na inilathala noong isang linggo ng Bureau of Labor Statistics ng departamento ay nagpakita ng tahasang pagkakaibang hinaharap ng mga indibiduwal na may kapansanang nasa edad ng pagtrabaho, na may 79.2 porsiyento na sama-sama sa labas ng labor force, kumpara sa 30.5 na porsiyento noong mga walang kapansanan.

**– higit pa –**

“Sa loob ng halos 40 taon, isinasaad ng mga tuntunin na ang mga contractor ay kailangan lamang na 'tiwalang' magsikap na kumuha at magtanggap sa trabaho ng mga taong may kapansanan. Malinaw na hindi ito gumagana,” sabi ni OFCCP Director Patricia A. Shiu. “ Ang aming mungkahi ay at magtitiyak sa mga partikular na layunin, maghihiling ng totoong pananagutan at magbibigay ng pinakamalinaw na posibleng gabay sa mga magbibigay ng trabaho na naghahangad na sumunod sa batas. Ang nasusukat ay naisasagawa. At tayo’y nasa larangan ng pagsagawa ng mga bagay-bagay.”

Ang pagtatatag ng 7 porsiyentong layunin sa pagtanggap sa trabaho para sa mga indibiduwal na may kapansanan ay magiging isang kagamitan para sa mga contractor na sukatin ang pagkabisa ng kanilang mga pagsisikap sa positibong pagkilos at sa gayon ay mabigyang alam ang kanilang desisyon. Ang iminumungkahing tuntunin ay magpapahusay rin sa pangangalap ng mga datos at mga kahilingan sa pagtatabi ng rekord - kasama na ang pagsasadokumento at pagpoproseso ng mga kahilingan para sa makatuwirang akomodasyon - upang mapaunlad ang pananagutan. Dagdag pa rito, titiyakin nito ang taunang mga pagrerepaso sa sarili ng mga nagbibigay ng trabaho ukol sa kanilang mga pagsisikap sa pagtanggap sa trabaho at pagsagawa ng outreach, at magdadagdag ng bagong kahilingan para sa mga contractor na maglista ng mga mapapasukang trabaho upang maparami ang kanilang mga pangkat ng kuwalipikadong mga aplikante.

Upang mabasa ang paunawa ng iminumungkahing paggawa ng tuntunin o magsumite ng komento, bumisita sa e-rulemaking portal ng pederal sa http://www.regulations.gov. Ang mga komento ay maaari ring isumite sa pamamagitan ng koreo kay Debra Carr, Office of Federal Contract Compliance Programs, U.S. Department of Labor, Room C-3325, 200 Constitution Ave. NW, Washington, D.C. 20210. Ang lahat ng mga komento ay dapat matanggap bago sumapit ang Peb. 7, 2012, at dapat na may kasamang identification number (RIN) 1250-AA02.

Bilang dagdag sa Seksyon 503, ipinatutupad ng OFCCP ang Executive Order 11246 at ang Vietnam Era Veterans’ Readjustment Assistance Act ng 1974. Tulad nang nasusog, ang tatlong mga batas na ito ay humihiling sa mga nakikipagtrabaho sa pederal na gobyerno, ang parehong mga contractor at subcontractors, na sundin ang patas at makatuwirang pamantayan na sila ay nagsasagawa ng positibong pagkilos at hindi nagdidiskrimina sa trabaho batay sa kasarian, lahi, kulay, relihiyon, pinagmulang bansa, kapansanan o katayuan bilang isang protektadong beterano. Para sa pangkalahatang impormasyon, tumawag sa libreng toll na helpline ng OFCCP sa 800-397-6251 o bumisita sa website nito sa http://www.dol.gov/ofccp.

# # #

U.S. Department of Labor news materials are accessible at http://www.dol.gov. The information above is available in large print, Braille, audio tape or disc from the COAST office upon request by calling 202-693-7828 or TTY 202-693-7755.